ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# ANILAG FESTIVAL: ANG PAPEL NG PAMAHALAAN AT KAHALAGAHAN NG PAGDIRIWANG SA KAUGALIAN AT KULTURA NG MAMAMAYAN

**Noverlyn Dave Gabatin**

**ABSTRACT**

*Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa "Anilag Festival: Ang Papel ng Pamahalaan at Kahalagahan ng Pagdiriwang sa Kaugalian at Kultura ng Mamamayan."Layunin nitong matukoy ang antas ng gampanin at kahalagahan ng pamahalaan sa pagdiriwang ng Festival, partikular sa pagpapanatili at pagpapayabong ng kaugalian at kultura ng mga mamamayan. Sinusuri rin sa pananaliksik na ito kung may makabuluhang kaugnayan ang papel ng pamahalaan batay sa gampanin at kahalagahan ng festival sa pagpapalaganap at pagpapatibay ng mga kaugalian at kultura ng mamamayan.*

*Gamit ang quantitative correlational design,isinagawa ang pananaliksik sa (200) kalahok mula sa iba't ibang bayan ng Laguna na pinili sa pamamagitan ng random sampling. Kabilang sa mga tagatugon ang mga mamamayan na may direktang karanasan sa pista, lokal na opisyal, kinatawan mula sa sektor ng turismo, at mga aktibong lumahok sa Anilag Festival.*

*Lumabas naman sa pag-aaral, na ang antas ng papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival ay lubos na nagampanan. Napatunayan rin sa pag aaral na ito na lubos na nakaugalian at kapansin-pansin ang Kahalagahan nito sa pagpapatibay ng kaugalian ng mamamayan. Habang ang resulta ng kultura ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag ay ipinababatid rin na lubos na mahalaga .Gayundin, isinasaad na may makabuluhang ugnayan ang papel ng pamahalaan sa gampanin ng Anilag Festival at kahalagahan ng pagdiriwang sa pagpapatatag ng kaugalian at kultura ng mga mamamayan. Isinasaad rin dito na may makabuluhang kaugnayan ang papel ng pamahalaan batay sa gampanin at kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival sa kaugalian at kultura ng mga mamamayan kung kayat ang haypotesis ay hindi tinanggap.*

*Ipinakita na may makabuluhang kaugnayan ang papel ng pamahalaan batay sa gampanin at kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival sa kaugalian at kultura ng ng mga mamamayan kung kaya ang mga hypotheses ay hindi tinanggap .Bilang Konklusyon ito ay nagangahulugan na malaki ang ambag ng pamahalaan sa pag-unlad ng edukasyon, turismo, at kultural na kamalayan, gayundin sa pagpapaigting ng kasaysayan, tradisyon, at paniniwala ng komunidad. Gayunpaman, lumilitaw din na bagamat mahalaga ang papel ng pamahalaan, nananatiling mahalagang salik ang aktibong pakikilahok ng mamamayan upang lubos na maisabuhay ang diwa ng pagdiriwang.*

*Kayat inirerekomenda na palakasin ang papel ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na pondo at iba pang kinakailangang suporta para sa mas organisado at epektibong pagsasagawa ng festival, nang hindi isinasantabi ang likas na pagpapahalaga ng mamamayan sa kanilang kultura. Maaari ring magsagawa ng mga seminar at workshops na tutuon sa kasaysayan, kahalagahan, at pinagmulan ng Anilag Festival upang mas maunawaan ng mga mamamayan ang malalim nitong koneksyon sa kaugalian at kultura.*

**SUSING SALITA:** *Anilag Festival,Papel ng Pamahalaan,kahalagahan ng pagdiriwang,Kaugalian,Kultura ng Mamamayan*

## PANIMULA

Ang Anilag Festival ay isang kulturang pagdiriwang at pista ng ani sa lalawigan ng Laguna, Pilipinas, na ginaganap tuwing Ikalawang linggo ng Marso. Ito ay isang linggong selebrasyon at tinaguriang "ina ng mga pista" sa lalawigan dahil ito ay kinatatampukan ng pagdalo ng lahat ng mga lokalidad sa iisang pagdiriwang. Sa selebrasyong ito, ipinapakita ang kanilang kasaysayan, mga lugar panturista, masaganang ani, pamanang kultura, at mga produktong lokal ng lalawigan. Kilala rin ito bilang "ina ng mga pista ng ani." Ang Anilag Festival ay nagmula sa pinaikling anyo ng pariralang "ani ng Laguna," na nangangahulugang ani ng Laguna. Nagsimula ito bilang pista ng masaganang ani noong 2004 sa ilalim ng pamumuno ni Gobernadora Teresita S. Lazaro (Saul, 2022)

Ayon pa rin kay Saul, (2022) Noong 2011, pinalitan ang pangalan ng pista at naging "La Laguna Festival," o "Festival of Life," sa pamumuno ni Emilio Ramon Ejercito III. Ginawa ang pagbabagong ito bilang pagkilala sa makasaysayang pangalan ng lalawigan noong panahon ng mga Kastila. Inilipat din ang iskedyul ng selebrasyon mula Marso patungong Abril. Noong taong iyon, nanalo ang pista bilang "Best Tourism Event of the Year" sa taunang kumbensyon at general assembly ng Association of Tourism Officers of the Philippines. Noong 2016, ibinalik ang pangalan sa Anilag Festival nang naging gobernador si Ramil Hernandez sa Lalawigan ng Laguna.

Ang mga tradisyonal na pagdiriwang ay mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino. Ito rin ang nagbigay daan sa libo-libong mamamayan ng Laguna, Province sa kanilang pagdiriwang ng pista. Sa 24 na bayan, 6 na lungsod at 681 na barangay sa probinsyang mayroon ito ay di maikakailang kilala ang lugar lalo na at dito ang kapanganakan ng pambansang bayani ng Pilipinas. Kilala rin sa lugar ang kanilang pista na ANILAG

Festival na bunga ng pinagsamang salita ng Ani ng Laguna. Kung saan tampok ang sining at pamumuhay ng mga tao sa lugar. Ito ay paraan nila ng pasasalamat sa masaganang ani na nakakamtan. Ang mga ito ay nagiging daan upang muling buhayin at ipagdiwang ang mga paniniwala, kaugalian, at kasaysayan ng isang komunidad. Tampok ang makukulay na prusisyon, mga gawaing pangkultura, at mga pagtatanghal na nagpapakita ng yaman ng paniniwala at kultura ng mga lokal na mamamayan .Ang kultura ang pangkabuuang pananaw ng tao sa isang lipunan at sa mundong kanilang ginagalawan (Bisa, 2019). Ang pananaw na ito ay hango sa mga paniniwala, tradisyon, uri ng pamumuhay, at iba pang mga bagay na nag-ugnay sa kanila at nagpapatibay sa bigkis ng pagkakaisa na siyang nagpapalaganap sa kanilang pangkalahatang diwa, pananaw, kaugalian, at adhikain.

Sa ilalim ng modernisasyon, ang mga tradisyonal na selebrasyon ay humaharap sa pagsubok ng pagiging relevant o makabuluhan sa mas bata at bagong henerasyon. Ang mga pagbabagong dulot ng teknolohiya, globalisasyon, at iba pang mga impluwensya ay may potensyal na baguhin ang paraan ng pagdaraos at pagtingin sa mga pagdiriwang na ito. Kaya't mahalagang maunawaan kung paano pinamamahalaan ang ANILAG at paano ito nakakatulong sa pagpapanatili ng kultura at paniniwala ng mga mamamayan.Gayunpaman, sa kabila ng kasiyahang hatid nito, ang masusing pamamahala at ang patuloy na pagpapalaganap ng tunay na esensya ng pagdiriwang ay nagiging hamon sa harap ng mga pagbabago sa lipunan.

Kaugnay nito binanggit sa teorya ni Cicero (2017) na mahalaga ang kultura bilang salalayan ng pagbuo at paglinang ng mga paniniwala, kakayahan, pag-uugali at kaalaman ng mga tao. Ito ay isang pangkat ng pinagsasaluhang mga ugali, pagpapahalaga, mga layunin, at mga gawain na nagbibigay ng katangian sa isang institusyon , organisasyon, o pangkat. Ang pananaliksik na pinamagatang Anilag Festival: Ang Papel ng Pamahalaan at Kahalagahan ng pagdiriwang sa kaugalian at kultura ng mamamayan ay makakapagbigay ng makabuluhang impormasyon sa mga tagapamahala ng ANILAG, mga miyembro ng komunidad, at iba pang mga stakeholder tungkol sa tamang pagbalanse ng tradisyon at modernisasyon sa mga ganitong uri ng selebrasyon sa lalawigan ng Laguna.

## METODLOHIYA

Gamit ang quantitative correlational design,isinagawa ang pananaliksik sa (200) kalahok mula sa iba't ibang bayan ng Laguna na pinili sa pamamagitan ng random sampling. Kabilang sa mga tagatugon ang mga mamamayan na may direktang karanasan sa pista, lokal na opisyal, kinatawan mula sa sektor ng turismo, at mga aktibong lumahok sa Anilag Festival.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Makikita sa talahanayan 1 ay nagsasaad ng Antas ng papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival tungkol sa Pagpapaunlad ng Edukasyon.

**Talahanayan 1. Antas ng papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival tungkol sa Pagpapaunlad ng Edukasyon**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Naipakikilala ang festival bilang bahagi ng kasaysayan ng lugar. | 4.53 | 0.62 | Lubos na nagagampanan |
| Naipamamalas ang tamang paraan ng pagdiriwang ng Anilag Festival tungo sa pag-unlad ng kamalayan ng mamamayan sa pagdiriwang ng pista. | 4.27 | 0.73 | Lubos na nagagampanan |
| Naikukumpara ang pagkakaiba-iba ng paraan ng pagdiriwang sa ibat-ibang Bayan sa Laguna. | 4.33 | 0.76 | Lubos na nagagampanan |
| Napag-iigting ang kamalayan ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag. | 4.45 | 0.66 | Lubos na nagagampanan |
| Nakahuhulma ng pagkakakilanlan ng mga mamamayan ang pagdiriwang ng Festival upang maging ganap ang pagkatuto. | 4.29 | 0.75 | Lubos na nagagampanan |
| **Weighted Mean** | **4.37** | | |
| **SD** | **0.71** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Kagaya ng pag- aaral na isinagawa ni Bautista (2021) ,ipinakita na ang mga pagdiriwang ay nagsisilbing pagkakataon para sa mga tao na ipakita ang kanilang kultura at tradisyon, na nagiging sanhi ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kanilang mga ugat.

Sa pag-aaral na ito binigyang-diin ang mahalagang papel ng mga lokal na festival sa pagpapalalim ng kamalayan at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kultura, kasaysayan, at pagkakakilanlan ng kanilang komunidad. Ipinakita sa pananaliksik na ang mga pagdiriwang tulad ng festival ay hindi lamang simpleng kasiyahan, kundi nagsisilbing makabuluhang plataporma upang isama sa edukasyon ang mga aralin sa sining, panitikan, kasaysayan, at civics.

Taliwas naman sa pananaw na ito, may mga argumento na nagsasabing ang pagdiriwang ng pista ay masyadong nakapokus sa panlabas na presentasyon at komersyalisasyon, sa halip na sa tunay na pagpapaunlad ng karunungan. Pinatutunayang ang labis na pagbibigay-diin sa pagpapasaya ng turista ay maaaring maging dahilan ng pagkalimot sa orihinal na kahulugan ng kultura, at sa gayon ay nakokompromiso ang layunin nitong maging instrumento sa edukasyon.

Subalit, hindi maikakailang may mga pista na naisasama sa kurikulum sa mas makabuluhang paraan. Ang paggamit ng Anilag Festival bilang bahagi ng mga asignatura tulad ng Filipino, Araling Panlipunan,Sining at EPP ay isang halimbawa ng pagsasanib ng kultura at edukasyon na nagpapalalim sa kabatiran ng mga mag-aaral sa kanilang pinagmulan.

Makikita sa talahanayan 2 ay nagsasaad ng antas ng papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival tungkol sa Pagpapayaman ng Turismo.

**Talahanayan 2. Antas ng papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival tungkol sa Pagpapayaman ng Turismo**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nakagugunita ng magagandang karanasang may kinalaman sa Anilag Festival. | 4.53 | 0.61 | Lubos na nagagampanan |
| Nakapagpapakita ng paraan kung paano maipagmamalaki ang magagandang "Tourist spot" na makatutulong sa paglago ng Turismo sa Lalawigan ng Laguna. | 4.50 | 0.61 | Lubos na nagagampanan |
| Nakapagmamasid ng kasaganahan ng ibat ibang produkto at sining na makikita sa Anilag Festival. | 4.43 | 0.64 | Lubos na nagagampanan |
| Napatutunayan na malaki ang papel ng pamahalaan sa pagpapatupad ng maayos na pagdiriwang ng Festival . | 4.47 | 0.62 | Lubos na nagagampanan |
| Napalalakas ang turismo ng Lalawigan sa pamamagitan ng pagpapamalas ng ganda ng lugar, pasyalan, produkto at mga booth na inihahanda sa pagdiriwang ng pista. | 4.51 | 0.65 | Lubos na nagagampanan |
| **Weighted Mean** | **4.49** | | |
| **SD** | **0.62** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng papel ng pamahalaan sa Anilag Festival kaugnay ng pagpapayaman ng turismo. Kabilang dito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at remarks. Ang pinakamataas na mean score (M = 4.53, SD = 0.61) ay nagpapahiwatig na ang Anilag Festival ay nagiging daan upang maalala ng mga mamamayan at bisita ang magagandang karanasang may kaugnayan sa pagdiriwang. Ipinapakita nito na ang festival ay may positibong epekto sa pagpapalaganap ng kultura at turismo sa Lalawigan ng Laguna.

Sa kabuuan, epektibong nagagampanan ng Anilag Festival ang pagpapalakas ng turismo sa pamamagitan ng pagpapakita ng mayamang kultura, produkto, sining, at magagandang pasyalan ng Laguna. Mahalaga ang papel ng pamahalaan sa maayos na pagpapatupad ng festival, na nagiging pangunahing daan upang ipagmalaki ang lokal na turismo at hikayatin ang mas maraming bisita. Patuloy na pagpapaunlad ng mga estratehiya sa promosyon at pagsasagawa ng mas inklusibong aktibidad ang maaaring makatulong sa lalo pang pagsigla ng turismo sa lalawigan.

Katulad ng nabanggit ni Santos at Torres (2018), ang mas mataas na antas ng partisipasyon ay nagdudulot ng mas positibong epekto sa mga indibidwal at sa komunidad bilang kabuuan isang mahalagang aspeto ng mga festival ay ang aktibong pakikilahok ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng mga festival bilang salik sa pagpapayaman ng lokal na turismo. Ang pagkakaisa at bayanihan na naipapakita sa mga festival ay nagiging batayan ng social cohesion.

Makikita sa talahanayan 3 ay nagsasaad ng antas ng papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival tungkol sa Pagbibigay Kasiyahan.

**Talahanayan 3. Antas ng papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival tungkol sa Pagbibigay Kasiyahan**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Naipararating ang nararamdamang saya sa panonood ng Anilag Festival. | 4.53 | 0.64 | Lubos na nagagampanan |
| Napagbubuklod-buklod ang bawat pamilya sa panonood ng pagdiriwang ng Anilag Festival. | 4.41 | 0.70 | Lubos na nagagampanan |
| Nabubuksan ang mga oportunidad na makapagtinda ang mga mamamayan na naghahatid ng saya sa mga araw ng pagdiriwang. | 4.41 | 0.67 | Lubos na nagagampanan |
| Naiaangat ang kalidad ng pagdiriwang sa kakaibang sigla ng damdamin na hatid ng mga sirkus, palaruan, exhibit at iba pa na inilalagay tuwing ipinagdiriwag ang Anilag Festival . | 4.37 | 0.66 | Lubos na nagagampanan |
| Nabubuo ang ibat ibang patimpalak katulad ng Land Float parade, sayaw o street dance, singing contest at iba pa na nagdudulot ng galak sa mga kalahok at tagapanood. | 4.38 | 0.71 | Lubos na nagagampanan |
| **Weighted Mean** | **4.42** | | |
| **SD** | **0.68** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita ng Talahanayan 3 ang antas ng papel ng pamahalaan sa Anilag Festival kaugnay ng pagbibigay kasiyahan. Kabilang dito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at remarks. Ang pinakamataas na mean score (M = 4.53, SD = 0.64) ay nagpapahiwatig na matagumpay na naipararating ng Anilag Festival ang saya sa mga manonood. Ipinapakita nito na ang festival ay isang mahalagang kaganapan na nagbibigay ng positibong damdamin at aliw sa mga mamamayan. Dagdag pa nagsisilbi rin bilang sandali ng pagkakaisa, pag-asa, at kolektibong pagkilala sa sariling kultura.

Sa kabuuan, epektibong nagagampanan ng Anilag Festival ang layunin nitong magbigay ng kasiyahan at aliw sa mga mamamayan sa pamamagitan ng iba't ibang aktibidad tulad ng mga patimpalak, parada, palabas, at iba pang pampamilyang gawain. Bukod sa kasiyahan, nagiging daan din ito upang mapagbuklod ang mga pamilya at mabigyan ng oportunidad ang mga mamamayan na kumita sa pamamagitan ng pagtitinda. Upang higit pang mapalawak ang kasiyahang hatid ng festival, maaaring pagtuunan ng pansin ang pagpaparami ng mas makabago at inklusibong aktibidad para sa lahat ng edad at sektor ng komunidad.

Tulad na lamang ng nabanggit nina Ferenzi at Marshall (2024) sa kanilang pananaliksik na ang positibong adapsiyon sa iba't ibang kultura ay nagbubunga ng pagkakaroon ng neutral na pagtanggap sa anumang kulturang nasasaksihan. Ipinapakita sa kanilang pag-aaral na ang mga taong may mataas na antas ng cultural adaptation ay mas nagkakaroon ng kakayahang tanggapin at pahalagahan ang kasiyahan at diwa ng mga selebrasyon, anuman ang pinanggalingang kultura nito.

Makikita sa talahanayan 4 ay nagsasaad ng Antas ng papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival tungkol sa Pag-iimbak ng karanasan

**Talahanayan 4.**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Naipababatid ang malaking papel ng pamahalaan sa pagbibigay ng kakaibang karanasan sa pagdiriwang ng Anilag Festival sa Laguna. | 4.55 | 0.61 | Lubos na nagagampanan |
| Nagkakaroon ng mga karanasan ang mga organizer ng Anilag Festival na sumali sa isang malaking event para sa Lalawigan ng Laguna. | 4.45 | 0.64 | Lubos na nagagampanan |
| Nakalalahok ng masigla sa napakaraming patimpalak na isinasagawa sa pagdiriwang ng Anilag Festival sa Laguna. | 4.36 | 0.72 | Lubos na nagagampanan |
| Napapanatili ang pagpapahalaga sa lalawigan sa pamamagitan ng patuloy sa pagdiriwang ng Anilag Festival. | 4.39 | 0.70 | Lubos na nagagampanan |
| Napayayabong ang sariling karanasan sa paglikha ng mga ala-ala ng Anilag Festival hindi lang sa mga kuhang larawan kundi maging sa isipan ng bawat isa. | 4.43 | 0.65 | Lubos na nagagampanan |
| **Weighted Mean** | **4.43** | | |
| **SD** | **0.67** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Antas ng papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival tungkol sa Pag-iimbak ng karanasan

Ipinapakita ng Talahanayan 4 ang antas ng papel ng pamahalaan sa Anilag Festival kaugnay ng pag-iimbak ng karanasan. Kabilang dito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at remarks. Ang pinakamataas na mean score (M = 4.55, SD = 0.61) ay nagpapahiwatig na matagumpay na naipapabatid ang mahalagang papel ng pamahalaan sa pagbibigay ng kakaibang karanasan sa pagdiriwang ng Anilag Festival. Ipinapakita nito na ang festival ay hindi lamang isang ordinaryong selebrasyon kundi isang makabuluhang kaganapan na nag-iiwan ng pangmatagalang alaala sa mga dumadalo.

Sa kabuuan, epektibong nagagampanan ng Anilag Festival ang papel nito sa pagpapanatili ng mahahalagang alaala at pagbibigay ng makabuluhang karanasan sa mga kalahok at manonood. Mahalaga ang ginagampanang papel ng pamahalaan sa pagpapanatili at pagpapayabong ng festival bilang isang pangunahing selebrasyon sa Laguna. Upang higit pang mapanatili ang mayamang karanasan sa festival, maaaring pagtuunan ng pansin ang paggamit ng makabagong teknolohiya tulad ng digital documentation at social media promotions upang maipreserba at maibahagi ang natatanging diwa ng Anilag Festival sa mas malawak na sakop ng mamamayan.

Katulad ng Kaisipan na ibinahagi ni Garcia et.al. (2008) sa sipi ni J. Sacristan (2016) nabanggit nila sa kanilang pag aaral na kailangang muling buhayin ang panlipunang silbi ng kalinangang bunga ng katalinuhan ng ating mga ninuno. Mahalaga ang mga pagdiriwang hindi lamang bilang tradisyon kundi bilang paraan ng pag-iimbak at pagpapasa ng mga kolektibong karanasan at kaalaman ng pamayanan.

Makikita sa talahanayan 5 na ito ay nagsasaad ng Antas ng papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 5. Antas ng papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival tungkol sa Pagpapalaganap ng kasaysayan**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Naipaliliwanag ng mabuti ang mga pagbabago sa kasaysayan ng Anilag Festival. | 4.50 | 0.65 | Lubos na mahalaga |
| Napalalaganap ang kasaysayan sa pamamagitan ng aktibong paglahok sa mga aktibidad ng Anilag Festival. | 4.50 | 0.63 | Lubos na mahalaga |
| Naiisaalang-alang ang mga layunin ng pagdiriwang at ang mga pinagmulan nito sa kanilang komunidad. | 4.51 | 0.66 | Lubos na mahalaga |
| Napahahalagahan ang mga kuwento at simbolo sa kasaysayan ng Anilag Festival. | 4.42 | 0.73 | Lubos na mahalaga |
| Nakapagbubuo ng mabisang plano sa pagpapaunlad ng pagdiriwang ng Anilag Festival. | 4.37 | 0.75 | Lubos na mahalaga |
| **Weighted Mean** | **4.46** | | |
| **SD** | **0.69** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 5 ang antas ng papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival sa pagpapalaganap ng kasaysayan. Kasama rito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at remarks.

Sa kabuuan, epektibong naipapalaganap ng Anilag Festival ang kasaysayan ng lalawigan sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon, pagpapahalaga sa pinagmulan ng festival, at pagsasama ng makasaysaysayang elemento sa mga aktibidad. Upang higit pang mapalakas ito, maaaring isaalang-alang ang pagpapalawak ng mga programang pang-edukasyon at ang masusing dokumentasyon ng kasaysayan ng festival para sa mga susunod na henerasyon.

Kagaya ng pahayag nina Firth at Wagner (2014), na nagsasabing ang kultura ay kinapapalooban ng mga simbolo tulad ng wika at kailangang intindihin ang kahulugang kultural nito upang maging ganap ang pag- unawa sa mga lingguwistikong elemento nito. Sa ganitong pananaw, mahalagang unawain ang konteksto ng wika at kultura upang lubos na maintindihan ang isang lipunan.
Makikita sa talahanayan 6 na ito ay nagsasaad ng antas ng papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival tungkol sa Pagpapanatili ng tradisyon.

**Talahanayan 6. Antas ng papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival tungkol sa Pagpapanatili ng tradisyon**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nakakikilala ng mga aktibidad ng pagdiriwang ng Anilag Festival na maaaring ipasa mula sa isang henerasyon patungo sa susunod. | 4.57 | 0.58 | Lubos na mahalaga |
| Nakapagpapakita ng paraan kung paano naisasagawa ang mga tradisyonal na gawain na may kaugnayan sa mga ritwal ng Anilag Festival. | 4.47 | 0.59 | Lubos na mahalaga |
| Nabibigyang-linaw ang pagkakaiba-iba ng mga simbolo at ritwal na bumubuo sa diwa ng pagdiriwang. | 4.44 | 0.66 | Lubos na mahalaga |
| Napupuna ang kahalagahan ng pagsasabuhay ng mga tradisyon bilang instrumento ng pagkakaisa sa Lalawigan. | 4.44 | 0.69 | Lubos na mahalaga |
| Natitipon sa Anilag Festival ang mga lokal na produkto na nagpapanatili ng pagtangkilik sa mga tradisyon ng Lalawigan. | 4.53 | 0.61 | Lubos na mahalaga |
| **Weighted Mean** | **4.49** | | |
| **SD** | **0.63** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 6 ang antas ng papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival sa pagpapanatili ng tradisyon. Kasama rito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at remarks. Ang pinakamataas na mean score (M = 4.57, SD = 0.58) ay nauugnay sa pagkilala sa mga aktibidad ng Anilag Festival na maaaring maipasa mula sa isang henerasyon patungo sa susunod. Ipinapakita nito na ang festival ay isang mahalagang tagapagdala ng kultura at tagapagpatuloy ng tradisyon sa mga mamamayan ng Laguna.

Sa pangkalahatan, nagsisilbing tulay ang Anilag Festival sa pagpapapasa ng kultura at tradisyon sa mga susunod na henerasyon sa pamamagitan ng ritwal, simbolismo, at pagtatampok ng lokal na produkto. Upang higit pang mapalakas ang pagpapanatili ng tradisyon, maaaring palawakin ang partisipasyon ng iba't ibang henerasyon sa mga aktibidad ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

festival at paigtingin ang pagsasaliksik sa makasaysayan at kultural na aspeto ng pagdiriwang.

Ang mga festival ay nagiging daan hindi lamang sa pagpapakita ng mga tradisyon kundi pati na rin sa pagbuo ng mga etikal na halaga at moral na pag-uugali.

Kawangis ng isinasaad sa pag-aaral ni Reyes (2018), ang mga kabataan na aktibong nakikilahok sa mga cultural festivals ay mas nagiging responsable at may mas mataas na antas ng pagmamalaki sa kanilang kultura.Ang mga festival ay nagsisilbing mabisang daluyan upang maipasa ang kultura, kaalaman,at pagpapahalaga mula sa matatanda tungo sa mga kabataan.

Makikita sa talahanayan 7 na ito ay nagsasaad ng Antas ng papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival tungkol sa Pagpapatatag ng Paniniwala

**Talahanayan 7**. **Antas ng papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival tungkol sa Pagpapatatag ng Paniniwala**

| **Mga Pahayag** | Mean | SD | **Remarks** |
|---|---|---|---|
| Nailalahad ang malalim na pag unawa sa ating mga paniniwala patungkol sa pagdiriwang ng Anilag Festival. | 4.44 | 0.64 | Lubos na mahalaga |
| Nagagampanan ang pagkakaroon ng matibay na pananaw o paniniwawala sa kabutihang dulot ng pagdiriwang ng pista. | 4.40 | 0.64 | Lubos na mahalaga |
| Nasisiyasat na mabuti ang koneksyon ng mga paniniwala na makatutulong sa pagkakaisa ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng pista. | 4.49 | 0.63 | Lubos na mahalaga |
| Napatutunayan na ang pagdiriwang ng Festival ay nakatutulong sa pagpapatatag ng Paniniwala sa Lalawigan ng Laguna. | 4.49 | 0.64 | Lubos na mahalaga |
| Nakapagbubuklod-buklod ng mga samahan na may matatag na paniniwala sa positibong aspeto na makakapaangat ng kalidad ng pagdiriwang. | 4.36 | 0.70 | Lubos na mahalaga |
| **Weighted Mean** | **4.44** | | |
| **SD** | **0.65** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Sa pangkalahatan, nagbibigay ang Anilag Festival ng mahalagang oportunidad upang mapalalim ang pananampalataya at mapatatag ang paniniwala ng mga mamamayan. Upang higit pang mapalakas ito, maaaring isama ang mas maraming seremonyang naglalaman ng espiritwal na aspeto at palakasin ang pakikilahok ng mga lokal na relihiyosong grupo upang mas lalo pang mapagyaman ang koneksyon ng pananampalataya at pagdiriwang.

Makikita sa talahanayan 8 na ito ay nagsasaad ng antas ng papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival tungkol sa Pagkilala sa Identidad

**Talahanayan 8. Antas ng papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival tungkol sa Pagkilala sa Identidad**

| **Mga Pahayag** | **Mean** | **SD** | **Remarks** |
|---|---|---|---|
| Natutunghayan sa pagdiriwang ng pista ang mga simbolo at gawain na nagpapakita ng kanilang pagkakakilanlan | 4.47 | 0.71 | Lubos na mahalaga |
| Naipapakita ang pagkakakilanlan ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag Festival | 4.53 | 0.68 | Lubos na mahalaga |
| Natutukoy ang pagkakaiba-iba ng identidad ng ibat-ibang bayan sa pagdaraos ng pista. | 4.45 | 0.69 | Lubos na mahalaga |
| Naipamamalas ang kahalagahan ng identidad ng lalawigan sa pagdiriwang ng Anilag Festival. | 4.37 | 0.77 | Lubos na mahalaga |
| Napauunlad ang mga paraan ng pagpapakilala ng identidad ng bawat bayan sa pagdaraos ng pista. | 4.46 | 0.74 | Lubos na mahalaga |
| **Weighted Mean** | **4.45** | | |
| **SD** | **0.72** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Sa pangkalahatan, ang papel ng pamahalaan sa pagkilala sa identidad sa pamamagitan ng Anilag Festival ay may weighted mean na M = 4.45 (SD = 0.72), na may verbal na interpretasyong "Lubos na kapansin-pansin."

Ipinapakita nito na ang Anilag Festival ay isang epektibong kasangkapan sa pagpapalakas ng identidad ng mga mamamayan ng Laguna. Upang higit pang mapalawak ang epekto nito, maaaring isama ang mas maraming aktibidad na nagtatampok ng kasaysayan, sining, at tradisyon ng bawat bayan sa lalawigan at paigtingin ang promosyon ng festival sa pamamagitan ng mas malawak na partisipasyon ng lokal at pambansang media.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Kagaya ng mga binanggit nina Balasingham at Palanivel (2014) naniniwala silang ang pagpapakita ng pagpapahalaga ng kultura at identidad ay umaayon sa binanggit na maliban sa pagpapasaya sa mga tao at pampalipas ng oras, ang pagsayaw ay isang esensyal na gawi ng mga tao. Ang nagkakaisang galaw ng katawan at ekspresyon ng mukha ay itinuturing na isang unibersal na wika na may malayang limitasyon. Malayang naihahayag ng tao ang kaniyang nadarama palabas sa isang mas mabisang puwersa ng pagwiwika - ang pagsayaw.

Makikita sa talahanayan 9 na ito ay nagsasaad ng antas ng kaugalian ng mga mamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Moral value.

**Talahanayan 9. Antas ng kaugalian ng mga mamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Moral value**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nailalarawan ang kabutihan ng kaugalian ng mga mamamayan sa pagpapamalas ng kanilang "moral value" sa mga aktibidad ng Anilag Festival. | 4.53 | 0.62 | Lubos na nakaugalian |
| Nagagamit sa araw-araw na pamumuhay ang mga aral na nakukuha mula sa pagdiriwang ng Anilag Festival. | 4.27 | 0.73 | Lubos na nakaugalian |
| Napupuna ang maayos na sistema ng pagdiriwang na nagpapakita ng matibay na paninindigan sa pagpapahalaga sa moral value ng mga mamamayan. | 4.33 | 0.76 | Lubos na nakaugalian |
| Naiaantas ang pagdiriwang ng Anilag Festival bilang isa sa pinakamahalagang kaganapan sa Laguna. | 4.45 | 0.66 | Lubos na nakaugalian |
| Naisasaayos ng mabuti ang pagtataguyod ng kolektibong responsibilidad sa mga Gawain sa Anilag Festival. | 4.29 | 0.75 | Lubos na nakaugalian |
| **Weighted Mean** | **4.37** | | |
| **SD** | **0.71** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 9 ang antas ng kaugalian ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag Festival batay sa moral value. Sinusukat nito kung paano naipapamalas at naisasabuhay ng mga mamamayan ang kanilang moral na pagpapahalaga sa pamamagitan ng iba't ibang aspeto ng pagdiriwang. Ang pinakamataas na mean score (M = 4.53, SD = 0.62) ay kaugnay ng paglalarawan ng kabutihan ng kaugalian ng mga mamamayan sa pagpapamalas ng kanilang "moral value" sa mga aktibidad ng Anilag Festival. Ipinapakita nito na ang mga aktibidad ng festival ay epektibong nagpapakita ng mabubuting asal at pagpapahalagang moral ng mga mamamayan.

Samantala, ang pinakamababang mean score (M = 4.27, SD = 0.73) ay may kaugnayan sa paggamit ng mga aral mula sa Anilag Festival sa araw-araw na pamumuhay. Bagama't ito ay "Lubos na nakaugalian," nangangahulugan ito na may puwang pa upang higit na mapalaganap at maisabuhay ang mga natutunan sa labas ng festival.

Sa pangkalahatan, ang papel ng Anilag Festival sa pagpapalaganap ng moral values ay may weighted mean na M = 4.37 (SD = 0.71), na may verbal na interpretasyong "Lubos na kapansin-pansin."
Makikita sa talahanayan 10 na ito ay nagsasaad antas ng kaugalian ng mga mamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Kasanayan.

**Talahanayan 10. Antas ng kaugalian ng mga mamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Kasanayan**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Naipakikita ang pambihirang kasanayan ng ibat-ibang bayan sa pagdiriwang ng Anilag Festival. | 4.53 | 0.61 | Lubos na nakaugalian |
| Naisasagawa ang mga pagsasanay at paligsahan sa pagpapaunlad ng mga talento. | 4.50 | 0.61 | Lubos na nakaugalian |
| Nakapag- iisip ng masusing paraan ang mga miyembro ng komunidad sa pagpapakilala ng mga kasanayan sa pagdiriwang ng Anilag Festival | 4.43 | 0.64 | Lubos na nakaugalian |
| Nasusuportahan ang mga talento o kasanayan ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng pista . | 4.47 | 0.62 | Lubos na nakaugalian |
| Napagyayaman ng pagdiriwang ng Anilag Festival ang kasanayan o talento ng mga mamamayan sa Lalalawigan ng Laguna. | 4.51 | 0.65 | Lubos na nakaugalian |
| **Weighted Mean** | **4.49** | | |
| **SD** | **0.62** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 10 ang antas ng kaugalian ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag Festival batay sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kasanayan. Sinusuri nito kung paano napapalakas at naipapamalas ang iba't ibang talento ng mga mamamayan sa pamamagitan ng festival.
Sa pangkalahatan, ang papel ng Anilag Festival sa pagpapalakas ng kasanayan ay may weighted mean na M = 4.49 (SD = 0.62), na may verbal na interpretasyong "Lubos na kapansin-pansin."

Ipinapakita nito na ang Anilag Festival ay isang mahalagang salik sa pag-unlad ng talento at kasanayan ng mga mamamayan. Upang higit pang mapalakas ito, maaaring isagawa ang mas maraming pagsasanay, workshop, at kompetisyon na magbibigay ng oportunidad sa mas maraming indibidwal na ipamalas at linangin ang kanilang kasanayan sa iba't ibang larangan.

Binigyang kahulugan ni Santamaria (2015), na ang mga hilig o interes ay preperensya sa mga partikular na uri ng gawain. Ang mga ito ang naggaganyak sa iyo na kumilos at gumawa. Nagsisikap ka kung may motibasyon ka dahil gusto mo ang iyong ginagawa, hilig mo ito, at nagagabayan ka ng mga halaga (values) na dito nakapaloob ang mga kaalamang mula sa pananaliksik (research) o expert systems of knowledge. Isa pa, nakatutulong ang mga hilig, kasama ng aptitude at potensyal at pangkalahatang talino (general intelligence), tungo sa iyong mabilis na pagkatuto at pagkakaroon ng mga kasanayan (skills). Ang mga hilig ay batayan din ng iyong mga kasanayan, kakayahan at kadalubhasaan (proficiencies).
Makikita sa talahanayan 11 na ito ay nagsasaad antas ng kaugalian ng mga mamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Pagpapahalaga sa sarili.

**Talahanayan 11. Antas ng kaugalian ng mga mamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Pagpapahalaga sa sarili**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Naipahahayag ang mataas na pagpapahalaga sa sarili sa pamamagitan ng aktibong pakikiisa sa mga aktibidad ng Anilag Festival. | 4.53 | 0.64 | Lubos na nakaugalian |
| Naipamamalas ang abilidad sa pagpapakita ng sariling kakayahan sa pagdiriwang ng pista | 4.41 | 0.70 | Lubos na nakaugalian |
| Naiisaalang- alang at nagagamit ng mabuti ang talino sa pagpapaunlad ng sarili | 4.41 | 0.67 | Lubos na nakaugalian |
| Napatutunayan ang kalakasan ng sarili sa pagtanggap ng kanilang pagkakaiba-iba at natatanging kakayahan. | 4.37 | 0.66 | Lubos na nakaugalian |
| Natatamo ang kaunlaran ng pag-iisip sa paghahanda at pagdidisiplina ng sarili sa patimpalak ng Anilag | 4.38 | 0.71 | Lubos na nakaugalian |
| **Weighted Mean** | **4.42** | | |
| **SD** | **0.68** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Ayon kay Baldwin at Johnson (2018), ang pagpapahalaga sa sarili ay isang mahalagang aspekto ng pag-unlad ng kabataan. Ipinakita ang positibong pagpapahalaga sa sarili ay nag-uudyok sa mga kabataan na maging mas masigasig sa kanilang mga layunin, at nagbibigay-daan sa kanila upang mapagtagumpayan ang mga hamon na kanilang kinakaharap. Ang kanilang pag-aaral ay nagpapakita ng koneksyon sa pagitan ng mataas na pagpapahalaga sa sarili at ng matagumpay na pagganap sa pamayanan..

Marami ang naniniwala na Ang Anilag Festival ay may malaking papel sa pagpapatibay ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mamamayan. Sa tulong ng aktibong partisipasyon sa mga gawaing pangkultura gaya ng mga sayaw,presentasyon,at pagpapakita ng mga lokal na sining at produkto, naibabahagi ng bawat isa ang kanilang pagmamalaki sa sariling kakayahan at pinagmulan. Katulad nito, ang mga makabuluhang selebrasyon tulad ng ANILAG Festival ay nagsisilbing paraan upang makamit ang oportunidad na mapalakas ang pagkakakilanlan at pagpapahalaga ng mga kabataan sa kanilang pinagmulan, na mahalagang bahagi ng kanilang pagkatao.

Sa kabuuan, ang pagdiriwang ng Anilag Festival ay hindi lamang pagpapahayag ng kultura kundi isang makapangyarihang paraan upang mahubog ang positibong pagpapahalaga sa sarili ng kabataan, na siyang pundasyon ng kanilang personal na tagumpay at aktibong pakikibahagi sa pamayanan.

Makikita sa talahanayan 12 na ito ay nagsasaad antas ng kaugalian ng mga mamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Katapatan sa pagiging makabayan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 12. Antas ng kaugalian ng mga mamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Katapatan sa pagiging makabayan**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nailalahad ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pakikilahok sa aktibidad ng Anilag Festival. | 4.55 | 0.61 | Lubos na nakaugalian |
| Naisasakatuparan ang pagsuporta at paggalang sa mga pagdiriwang na idinaraos sa lalawigan. | 4.45 | 0.64 | Lubos na nakaugalian |
| Nabibigyang pansin ang pagkilala sa mga nagawa ng mga ninuno at mga bayani. | 4.36 | 0.72 | Lubos na nakaugalian |
| Naisasabuhay ang pagpapahalaga sa mga alaala ng ating mga ninuno ,pagkilala sa mga naiambag nila sa Lipunan na may kaugnayan pagmamaklasakit sa bayan | 4.39 | 0.70 | Lubos na nakaugalian |
| Nakalilikha ng sariling katha na nagpagpahayag ng labis na pasasalamat sa kanilang malasakit sa komunidad. | 4.43 | 0.65 | Lubos na nakaugalian |
| **Weighted Mean** | **4.43** | | |
| **SD** | **0.67** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Sa kabuuan, ang Anilag Festival ay mas magiging makabayan kung ito'y pamumunuan ng may pagpapahalaga sa malalim at makabuluhang pamamahala.

Makikita sa talahanayan 13 na ito ay nagsasaad antas ng kaugalian ng mga mamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Katapatan sa pagiging makabayan.

**Talahanayan 13. Antas ng kultura ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Kamalayan sa pagpapahalaga**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Naipahahayag ang pagpapahalaga sa kultura sa tulong ng pagdiriwang ng Anilag Festival. | 4.62 | 0.56 | Lubos na mahalaga |
| Naipakikita ang mga benepisyo ng pagdiriwang sa pagpapaunlad ng komunidad. | 4.42 | 0.64 | Lubos na mahalaga |
| Napag-aaralan ng mabuti ang pag- eenhance ng mga local heritage at pagkakakilanlan ng ibat ibang bayan sa Laguna. | 4.49 | 0.62 | Lubos na mahalaga |
| Naiaangat ang antas ng kamalayan ng mga mamamayan sa pakikiisa sa pagdiriwang ng Festival. | 4.44 | 0.66 | Lubos na mahalaga |
| Naipagmamalaki ang kultura ng Lalawigan sa pagdiriwang ng Anilag Festival. | 4.54 | 0.66 | Lubos na mahalaga |
| **Weighted Mean** | **4.50** | | |
| **SD** | **0.63** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Ang pinakamataas na mean score (M = 4.62, SD = 0.56) ay tumutukoy sa pagpapahayag ng pagpapahalaga sa kultura sa pamamagitan ng pagdiriwang ng Anilag Festival. Ipinapakita nito na ang festival ay isang epektibong paraan upang mapanatili at maitaguyod ang mayamang kultura ng Lalawigan ng Laguna.

Samantala, ang pinakamababang mean score (M = 4.42, SD = 0.64) ay kaugnay ng pagpapakita ng mga benepisyo ng pagdiriwang sa pagpapaunlad ng komunidad. Bagama't mataas pa rin ang rating, maaaring higit pang pagtibayin ang mga programa upang maipakita ang konkretong epekto ng festival sa pangkabuuang pag-unlad ng lalawigan. Sa pangkalahatan, ang papel ng Anilag Festival sa pagpapalakas ng kamalayan sa pagpapahalaga sa kultura ay may weighted mean na M = 4.50 (SD = 0.63), na may verbal na interpretasyong "Lubos na kapansin-pansin."

Sa Kabuuan, ang pagpapayabong ng kognitibong aspeto ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon at pag-unlad ng tao. Ang mga aktibidad tulad ng Anilag Festival ay nakatutulong sa pagsasama ng kaalaman, kamalayan, at pagpapahalaga—isang mabisang paraan sa tunay na pagkatuto.

Makikita sa talahanayan 14 na ito ay nagsasaad ng antas ng kultura ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Pakikipagbayanihan sa pamayanan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 14. Antas ng kultura ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Pakikipagbayanihan sa pamayanan**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Naipababatid na ang sama-samang pagtutulungan ay nakatutulong sa matagumpay na pagdaraos ng Festival. | 4.53 | 0.60 | Lubos na mahalaga |
| Naisasagawa ang pakikipagbayanihan sa Pamayanan upang maayos na maipagdiwang ang pista. | 4.47 | 0.67 | Lubos na mahalaga |
| Naiisaisip ng mabuti ang wastong pamamaraan sa pakikipagtulungan sa kapwa upang matamo ang mapayapang padiriwang ng pista. | 4.43 | 0.65 | Lubos na mahalaga |
| Naisasabuhay ang pakikipagbayanihan lalo na sa pagdiriwang ng Anilag Festival. | 4.41 | 0.65 | Lubos na mahalaga |
| Nakapagsasaayos ng matibay at magandang samahan sa pamayanan ang patuloy na pagdiriwang ng pista. | 4.39 | 0.69 | Lubos na mahalaga |
| **Weighted Mean** | **4.45** | | |
| **SD** | **0.66** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 14 ang antas ng kultura ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag Festival batay sa pakikipagbayanihan sa pamayanan. Sinusuri nito kung paano napalalakas ang diwa ng pagtutulungan at pagkakaisa sa pamamagitan ng festival.

Sa kabuuan, sa pamamagitan ng walang sawang pakikipagtulungan sa pagitan ng pamahalaan at ng mga lokal na komunidad, higit na napapalakas ang kakayahan ng mga mamamayan na p, pagyamanin, at ipasa sa mga susunod na henerasyon ang kanilang mayamang kultura at tradisyon. Ang ganitong kolaborasyon ay hindi lamang nagpapalalim ng pagpapahalaga sa sariling pagkakakilanlan, kundi nagsisilbi ring daan upang mapanatili ang kasaysayan, sining, at kaalamang bayan na mahalaga sa paghubog ng pambansang kamalayan at pagkakaisa."

Makikita sa talahanayan 15 na ito ay nagsasaad ng antas ng kultura ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Pagpapaigting ng Pananampalataya

**Talahanayan 15. Antas ng kultura ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Pagpapaigting ng Pananampalataya**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nauunawaan ang mga pananaw o paniniwala sa espiritwal na aspekto na kaakibat ng Anilag Festival. | 4.44 | 0.63 | Lubos na mahalaga |
| Napapalakas ang pananampalataya sa tulong ng mga aktibidad ng pagdiriwang ng Festival. | 4.41 | 0.60 | Lubos na mahalaga |
| Nakakikilala ng pagkakaiba-iba ng mga ritwal at paniniwala sa mga patron na kabilang sa pagdiriwang ng pista. | 4.39 | 0.71 | Lubos na mahalaga |
| Napupuna ang kahalagahan ng pananampalataya sa pakikilahok sa pagdiriwang ng Anilag Festival. | 4.40 | 0.69 | Lubos na mahalaga |
| Napatutunayan ang mataas na koneksyon ng pananampalataya at kultura sa pagdiriwang ng pista. | 4.40 | 0.64 | Lubos na mahalaga |
| **Weighted Mean** | **4.41** | | |
| **SD** | **0.66** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 15 ang antas ng kultura ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag Festival batay sa pagpapaigting ng pananampalataya. Sinusuri nito kung paano nakatutulong ang festival sa pagpapalalim ng paniniwala at espiritwalidad ng mga mamamayan.

Sa pangkalahatan, ang papel ng Anilag Festival sa pagpapaigting ng pananampalataya ay may weighted mean na M = 4.41 (SD = 0.66), na may verbal na interpretasyong "Lubos na kapansin-pansin."

Ipinapakita nito na ang Anilag Festival ay isang mahalagang pagkakataon upang mapalakas ang pananampalataya ng mga mamamayan. Upang higit itong mapalalim, maaaring isagawa ang mas maraming aktibidad na nagtatampok ng espiritwal na pagninilay, interfaith dialogues, at iba pang programang naglalayong mapatatag ang koneksyon ng kultura at pananampalataya sa pagdiriwang ng pista.

Kagaya rin ng Isinagawa ni Javier (2019) ang isang malalim na pagsusuri sa epekto ng relihiyon sa mga lokal na komunidad. Ipinakita sa kanyang pananaliksik na ang pakikilahok sa mga aktibidad na may kaugnayan sa pananampalataya ay hindi

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

lamang nagpapalalim sa espiritwal na karanasan ng mga tao kundi nagtataguyod din ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga miyembro ng komunidad.

Makikita sa talahanayan 16 na ito ay nagsasaad ng antas ng kultura ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Pagpapaigting ng Pananampalataya.

**Talahanayan 16. Antas ng kultura ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag batay sa Pagkakapantay-pantay ng bawat estado**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Naipakikita ang pagkakapantay-pantay ng mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag Festival. | 4.47 | 0.63 | Lubos na mahalaga |
| Nakikilahok ng may pantay–pantay na pagtrato anuman ang estado ng mamamayan sa pagdiriwang ng pista. | 4.45 | 0.64 | Lubos na mahalaga |
| Nakagaganap ng pagkilala sa mga aktibidad na makatutulong sa pag unlad ng mga samahan,grupo at organisasyon sa pagdiriwang ng Festival. | 4.54 | 0.61 | Lubos na mahalaga |
| Nabibigyang halaga ang pagkakapantay-pantay ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Festival. | 4.42 | 0.67 | Lubos na mahalaga |
| Naitataguyod ang pantay-pantay na pagtigin sa mga mamamayan anuman ang estado sa buhay. | 4.36 | 0.77 | Lubos na mahalaga |
| **Weighted Mean** | **4.45** | | |
| **SD** | **0.67** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na kapansin-pansin** | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 16 ang antas ng kultura ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag Festival batay sa pagkakapantay-pantay ng bawat estado. Sinusuri nito kung paano naipapamalas ang pantay na pagtrato sa lahat ng mamamayan anuman ang kanilang katayuan sa lipunan sa pagdiriwang ng pista.

Katulad ng ipinahayag ni Aquino (2018), ang pagdiriwang ng mga lokal na festival ay nagbibigay ng pagkakataon sa lahat ng miyembro ng komunidad, anuman ang kanilang estado sa buhay, na makilahok at makibahagi sa mga kaganapan. Ang kanyang pag-aaral ay nagpapakita ng mahalagang papel ng mga festival sa pagpapalaganap ng pagkakapantay-pantay at pagkakaisa sa loob ng komunidad.

Buhat sa pananaliksik na ito, ang mga lokal na festival tulad ng Anilag Festival ay nagsisilbing gabay sa pagbibigay ng pantay-pantay na pagkakataon sa bawat ng estado ng pamayanan, mayaman man o mahirap, bata man o matanda upang makiisa sa mga gawaing panlipunan at pangkultura. Katulad nito, ang Anilag Festival ay may potensyal na maging daluyan ng inklusibong partisipasyon na maaaring pagtibayin hindi lamang ang pagkakaisa kundi pati na rin ang pananampalataya ng mga residente.

Makikita sa talahanayan 17 na ito ay nagsasaad ng Makabuluhang Kaugnayan sa papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival sa kaugalian ng mga mamamayan

**Talahananayan 17 Makabuluhang Kaugnayan sa Papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival sa kaugalian ng mga mamamayan.**

| Papel ng Pamahalan | | Kaugalian ng mga Mamayan | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | Moral | Kasanayan | Pagpapahalaga sa Sarili | Katapatan sa Pagiging Makabayan |
| Gampanin ng Anilag Festival | Pagpapaunlad ng Edukasyon | r-value<br>p-value<br>N | 0.416*<br>0.000<br>200 | 0.371*<br>0.000<br>200 | 0.420*<br>0.000<br>200 | 0.524*<br>0.000<br>200 |
| | Pagpapayaman ng Turismo | r-value<br>p-value<br>N | 0.370*<br>0.000<br>200 | 0.455*<br>0.000<br>200 | 0.424*<br>0.000<br>200 | 0.465*<br>0.000<br>200 |
| | Pagbibigay Kasiyahan | r-value<br>p-value<br>N | 0.489*<br>0.000<br>200 | 0.505*<br>0.000<br>200 | 0.508*<br>0.000<br>200 | 0.502*<br>0.000<br>200 |
| | Pag-iimbak ng Karanasan | r-value<br>p-value<br>N | 0.518*<br>0.000<br>200 | 0.470*<br>0.000<br>200 | 0.536*<br>0.000<br>200 | 0.522*<br>0.000<br>200 |

**Significant* (S*)** **Not Significant (NS**

Ang Talahanayan 17 ay nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan sa sa papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival sa kaugalian ng mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag. Sinusuri nito ang ugnayan sa iba't ibang aspekto ng gampanin at kahalagahan ng pamahalaan sa pagpapanatili ng kultura at pagkakakilanlan ng mamamayan. Sa bahagi ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

gampanin ng pamahalaan, lumalabas na may makabuluhang ugnayan ang Pagbibigay Kasiyahan (r = 0.508, p = 0.000), Pag-iimbak ng Karanasan (r = 0.536, p = 0.000), Pagpapaunlad ng Edukasyon (r = 0.524, p = 0.000), at Pagpapayaman ng Turismo (r = 0.465, p = 0.000) sa mga kaugalian ng mamamayan tulad ng moralidad, kasanayan, pagpapahalaga sa sarili, at katapatan.

Ipinapahiwatig ng mga resultang ito ang malakas na positibong ugnayan, na nagpapakita ng aktibong papel ng pamahalaan sa pagpapatibay ng mabubuting kaugalian sa panahon ng Anilag Festival.

Kagaya ng nabanggit sa makabagong pag-aaral nina Bernardo, Desepida,at Mejia(2022), na nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng papel ng pamahalaan at gampanin ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag Festival. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na matagumpay na naisagawa ang mga aktibidad ng Anilag Festival 2017 na may mataas na antas ng partisipasyon mula sa mga lokal na residente ng Sta. Cruz. Sa pamamagitan ng festival, nakamit ng komunidad ang kasiyahan, kaalaman, pagkilala, social network, at benepisyong pinansyal.

Makikita sa talahanayan 18 na ito ay nagsasaad ng Makabuluhang Kaugnayan sa papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival sa kaugalian ng mga mamamayan sa selebrasyon ng pista

**Talahanayan 18**. **Makabuluhang Kaugnayan sa Papel ng pamahalaan batay sa Kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival sa kaugalian ng mga mamamayan**

| **Papel ng Pamahalan** | | **Kaugalian** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Kahalagahan<br>Ng Pagdiriwang ng Anilag Festival | Pagpapalaganap ng kasaysaysan | r-value<br>p-value<br>N | 0.518*<br>0.000<br>200 | 0.503*<br>0.000<br>200 | 0.496*<br>0.000<br>200 | 0.506*<br>0.000<br>200 |
| | Pagpapanatili ng Tradisyon | r-value<br>p-value<br>N | 0.480*<br>0.000<br>200 | 0.594*<br>0.000<br>200 | 0.534*<br>0.000<br>200 | 0.603*<br>0.000<br>200 |
| | Pagpapatatag ng Paniniwala | r-value<br>p-value<br>N | 0.549*<br>0.000<br>200 | 0.586*<br>0.000<br>200 | 0.564*<br>0.000<br>200 | 0.615*<br>0.000<br>200 |
| | Pagpapakilala sa Identidad | r-value<br>p-value<br>N | 0.402*<br>0.000<br>200 | 0.423*<br>0.000<br>200 | 0.412*<br>0.000<br>200 | 0.500*<br>0.000<br>200 |

**Significant* (S*)** **Not Significant (NS)**

Ang Talahanayan 18 ay nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan sa papel ng pamahalaan batay sa Kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival sa kaugalian ng mga mamamayan**.** Sinusuri nito ang ugnayan sa iba't ibang aspekto ng gampanin at kahalagahan ng pamahalaan sa pagpapanatili ng kultura at pagkakakilanlan ng mamamayan. Samantala, sa pagsusuri ng kahalagahan ng pamahalaan sa pagdiriwang, lumabas na ang Pagpapalaganap ng Kasaysayan (r = 0.506, p = 0.000), Pagpapanatili ng Tradisyon (r = 0.603, p = 0.000), Pagpapatatag ng Paniniwala (r = 0.615, p=0.000), at Pagpapakilala sa Identidad (r = 0.500, p = 0.000) ay pawang may makabuluhang ugnayan sa kaugalian ng mamamayan.

Sa kabuuan, makikita sa pagsusuri na ang pamahalaan ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kaugalian at kultural na kamalayan ng mamamayan sa pamamagitan ng Anilag Festival, kaya't nararapat lamang itong palakasin at patuloy na pagyamanin.

Makikita sa talahanayan 19 na ito ay nagsasaad ng makabuluhang Kaugnayan sa papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival sa kultura ng mga mamamayan.

**Talahanayan 19**. **Makabuluhang Kaugnayan sa Papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival sa kultura ng mga mamamayan**

| **Papel ng Pamahalan** | | **Kultura ng mga Mamayan** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | **Kamalayan sa Pagpapaha-laga** | **Pakikipag bayanihan sa Pamayanan** | **Pagpapaigting ng Pananampala-taya** | **Pagkaka pantay-pantay ng bawat Estado** |
| Gampanin ng Anilag Festival | Pagpapaunlad ng Edukasyon | r-value<br>p-value<br>N | 0.555*<br>0.000<br>200 | 0.512*<br>0.000<br>200 | 0.526*<br>0.000<br>200 | 0.469*<br>0.000<br>200 |
| | Pagpapayaman ng Turismo | r-value<br>p-value<br>N | 0.520*<br>0.000<br>200 | 0.549*<br>0.000<br>200 | 0.442*<br>0.000<br>200 | 0.563*<br>0.000<br>200 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pagbibigay Kasiyahan | r-value<br>p-value<br>N | 0.519*<br>0.000<br>200 | 0.561*<br>0.000<br>200 | 0.517*<br>0.000<br>200 | 0.535*<br>0.000<br>200 |
| | Pag-iimbak ng Karanasan | r-value<br>p-value<br>N | 0.542*<br>0.000<br>200 | 0.618*<br>0.000<br>200 | 0.504*<br>0.000<br>200 | 0.571*<br>0.000<br>200 |

**Significant*** (S*) **Not Significant** (NS)

Ang Talahanayan 19 ay nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan sa papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival sa kultura ng mamamayan sa pagdiriwang ng pista. Nakatuon ito sa pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng gampanin at kahalagahan ng pamahalaan at sa mga kultural na aspekto gaya ng kamalayan sa pagpapahalaga, pakikipagbayanihan, pananampalataya, at pagkakapantay-pantay ng estado. Sa gampanin ng pamahalaan, makikita na ang Pagpapaunlad ng Edukasyon (r = 0.555–0.469, p = 0.000), Pagpapayaman ngTurismo(r = 0.520–0.563, p = 0.000), Pagbibigay Kasiyahan (r = 0.519–0.561, p = 0.000), at Pag-iimbak ng Karanasan (r = 0.504–0.618, p = 0.000) ay may makabuluhang positibong ugnayan sa lahat ng aspektong kultural ng mamamayan.

Ipinahihiwatig nito na malaki ang ambag ng mga gawaing pinangungunahan ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng kultura ng lalawigan sa panahon ng Anilag Festival. Upang higit na mapalakas ang papel ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng pagdiriwang ng kultura ng mamamayan,nararapat na magsagawa ito ng mas organisadong plano ng pagdiriwang gayundin ang matatag na suporta sa mga gawaing kultural sa pamamagitan ng sapat na pondo, malinaw na polisiya, at masigasig na pakikilahok ng komunidad. Maaaring magtatag ng mga lokal na konseho para sa kultura at sining sa bawat lalawigan na magsisilbing katuwang ng pamahalaan sa pag-oorganisa ng mga programang nakatuon sa pagpapanatili ng tradisyon ng probinsya.

Katulad ng isinasaad sa pag -aaral ni Fernandez (2014) ang epekto ng mga polisiya ng pamahalaan sa pagpapanatili ng mga cultural festival. Ang kanyang pananaliksik ay nagbigay-diin sa mga pangangailangan ng mga lokal na pamahalaan na bigyan ng suporta ang mga festival para sa mas epektibong pagpapanatili ng mga kultura at tradisyon. Ang mga patakaran at istrukturang ipinapatupad ng pamahalaan ay may direktang impluwensiya sa kung paano napapalaganap at napapanatili ang kultura sa isang lalawigan.

Makikita sa talahanayan 20 na ito ay nagsasaad ng Makabuluhang Kaugnayan sa papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival sa kultura ng mga mamamayan.

**Talahanayan 20.**

| **Papel ng Pamahalan** | | | **Kultura ng mga mamamayan** | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| Kahalagahan Ng Pagdiriwang ng Anilag Festival | Pagpapalaganap ng kasaysaysan | r-value<br>p-value<br>N | 0.522*<br>0.000<br>200 | 0.549*<br>0.000<br>200 | 0.481*<br>0.000<br>200 | 0.530*<br>0.000<br>200 |
| | Pagpapanatili ng Tradisyon | r-value<br>p-value<br>N | 0.599*<br>0.000<br>200 | 0.594*<br>0.000<br>200 | 0.516*<br>0.000<br>200 | 0.596*<br>0.000<br>200 |
| | Pagpapatatag ng Paniniwala | r-value<br>p-value<br>N | 0.607*<br>0.000<br>200 | 0.601*<br>0.000<br>200 | 0.525*<br>0.000<br>200 | 0.560*<br>0.000<br>200 |
| | Pagpapakilala sa Identidad | r-value<br>p-value<br>N | 0.491*<br>0.000<br>200 | 0.485*<br>0.000<br>200 | 0.405*<br>0.000<br>200 | 0.483*<br>0.000<br>200 |

**Significant*** (S*) **Not Significant** (NS)

Makabuluhang Kaugnayan sa Papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival sa kultura ng mamamayan

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na ang papel ng pamahalaan sa gampanin at kahalagahan ng Anilag Festival ay may positibong impluwensya sa paglinang at pagpapatibay ng kultura ng mga mamamayan. Ang mga makabuluhang ugnayang ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng aktibong partisipasyon ng pamahalaan upang mapanatili at mapalalim ang mga kultural na halaga at pagkakakilanlan sa pamamagitan ng mga lokal na pagdiriwang tulad ng Anilag Festival.

Kagaya ng kaisipang isinasaad sa artikulo nina Keegan et. al (2020), na ang pangkaisipang domeyn ay nakatuon sa pag-unlad ng kaalaman at pag-unawa na kinakailangan sa pagkilos at iba pang pisikal na gawain. Nililinang nito ang pang-unawa ng isang tao kung paano, kailan, at bakit kailangang kumilos sa isang partikular na pamamaraan at kung paano makaaangkop sa mga bagong pagkilos. Kasama rito ang pagresolba at pagbuo ng desisyon, gayundin ang pagiging bukas ang isipan sa kahalagahan ng pagkilos. Ang pangkaisipang domeyn ay patungkol sa mga sumusunod: pag-iisip, pag-unawa at pagbuo

ng desisyon, pag-iisip kung paano at kailan ang pagganap ng isang gawain, pag-unawa sa sariling kalakasan upang maabot ang tunguhin, pag-unawa sa pansamantala at pangmatagalang benepisyo ng pakikiisa sa isang gawain.

**Konklusyon at Recomendasyon**

Konklusyon

Dahil sa resulta ng pag-aaral humantong ang pananaliksik na sa konklusyon na;

1. May makabuluhang ugnayan ang papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival sa kaugalian ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag Festival. Ipinapakita ng mga resulta na may makabuluhang kaugnayan ang papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival tulad ng pagpapaunlad ng edukasyon, pagpapayaman ng turismo, pagbibigay ng kasiyahan, at pag-iimbak ng karanasan sa mga nakagisnang kaugalian ng mga mamamayan kung kayat ang hypothesis ay hindi tinanggap.

Ito ay nangagahulugan na sa kabila ng positibong kaugnayan ng Anilag Festival sa pagpapatibay ng gampanin ng Anilag at pagpapahalaga sa kaugalian ng mamamayan ay nangangailangan pa rin ng patuloy na pagpapabuti ng ikatatagumpay ng pagdiriwang.Ipinahihiwatig rin nito na bagaman may papel ang pamahalaan sa pagsasaayos at pagsuporta sa pagdiriwang, ang mga tradisyon at pagpapahalagang ipinapakita ng komunidad ay nananatiling hiwalay at likas na bahagi ng kanilang pagkakakilanlan.

2.. May makabuluhang ugnayan ang papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival sa kaugalian ng mga mamamayan. Ipinapakita ng resulta na may makabuluhang ugnayan ang papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang sa mga aspeto ng pagpapalaganap ng kasaysayan,pagpapanatili ng tradisyon, pagpapatatag ng paniniwala at pagpapakilala sa identidad sa mga nakagisnang kaugalian ng mga mamamayan.kung kayat ang hypothesis ay hindi tinanggap.

Ipinababatid nito na ang mga gawaing kultural na isinusulong ng pamahalaan sa pamamagitan ng festival ay may malaking impluwensya sa pagpapanatili ng tradisyon, pagpapalalim ng paniniwala, at pagpapakilala ng pagkakakilanlan ng mga mamamayan.

3. May makabuluhang ugnayan ang papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival sa kultura ng mga mamamayan sa pagdiriwang ng Anilag Festival. Ipinapakita ng mga resulta na may makabuluhang kaugnayan ang papel ng pamahalaan batay sa gampanin ng Anilag Festival tulad ng pagpapaunlad ng edukasyon, pagpapayaman ng turismo, pagbibigay ng kasiyahan, at pag-iimbak ng karanasan sa mga nakasanayang kultura ng mamamayan kung kayat ang hypothesis ay hindi tinanggap

Nangangahulugang malaki ang naitutulong ng pamahalaan sa pagpapayabong ng kultural na kamalayan ng mga mamamayan. Ipinararating rin ng pag-aaral na ito na mahalaga ang aktibong partisipasyon ng pamahalaan sa pagpapanatili at pagpapalalim ng mga kultural na halaga at pagkakakilanlan tulad ng lokal na pagdiriwang ng Anilag Festival.

4. May makabuluhang ugnayan rin ang papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival sa kultura ng mga mamamayan. Ipinapakita ng mga resulta na may makabuluhang ugnayan sa papel ng pamahalaan batay sa kahalagahan ng pagdiriwang sa mga aspeto ng pagpapalaganap ng kasaysayan,pagpapanatili ng tradisyon, pagpapatatag ng paniniwala at pagpapakilala sa identidad sa mga nakasanayang kultura ng mga mamamayan kung kayat ang hypotheses ay hindi tinanggap .

Pinatutunayan lamang na naisasabuhay ang kahalagahan ng pagdiriwang ng Anilag Festival sa ating lalawigan sa pamamagitan ng kamalayan sa pagpapahalaga,pananampalataya at pakikipagbayanihan sa pamayanan.

Sa kabila ng positibong kaugnayan ng Anilag Festival sa pagpapatibay ng identidad at pagpapahalaga sa kultura ng mamamayan ay nangangailangan pa rin ng patuloy na pagpapabuti ng ikatatagumpay ng pagdiriwang. Natuklasan ng pag-aaral na ang higit pang pagpapatibay ng partisipasyon ng komunidad, pagsasama ng makabagong pamamaraan sa pagdiriwang, at mas malalim na pagtalakay sa kasaysayan at kahalagahan ng festival ay maaaring higit pang magpalakas ng diwa ng bayanihan at pagpapahalaga sa kultura. Ang mga natuklasang ito ay nagpapakita na bagaman mahalaga ang festival sa pagpapanatili ng kaugalian at kultura, kinakailangan ang mas epektibong estratehiya upang higit pang mapalalim ang epekto nito sa mamamayan.

**Rekomendasyon**

Batay naman sa kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon.

1. Palakasin ang papel ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na pondo at iba pang kinakailangang suporta para sa mas organisado at epektibong pagsasagawa ng festival, nang hindi isinasantabi ang likas na pagpapahalaga ng mamamayan sa kanilang kultura.
2. Magsagawa ng mga seminar at workshops na tutuon sa kasaysayan, kahalagahan, at pinagmulan ng Anilag Festival upang mas maunawaan ng mga mamamayan ang malalim nitong koneksyon sa kanilang kultura at identidad.
3. Magsagawa ng taunang ebalwasyon upang masuri ang epekto ng Anilag Festival sa kultura at kaugalian ng mamamayan. Maaaring gumamit ng survey at konsultasyon sa mga stakeholder upang matukoy ang mga aspeto ng pagdiriwang na maaaring pagbutihin.
4. Siguraduhin na ang lahat ng sektor ng lipunan, anuman ang kanilang estado sa buhay, ay may pantay na pagkakataong makilahok at makinabang sa mga aktibidad ng festival upang higit pang mapatatag ang diwa ng bayanihan at pagkakaisa.
5. Inirerekomenda na ang mga susunod na mananaliksik ay magsagawa ng mas malalim na pagsusuri sa epekto ng Anilag Festival hindi lamang sa kultura at kaugalian ng mamamayan kundi pati na rin sa aspetong pang-ekonomiya at panlipunan. Maaari ring gamitin ang iba pang metodolohiya, tulad ng case study o comparative analysis, upang higit na maunawaan ang pangmatagalang epekto ng festival sa mga komunidad.
6. Pagpapaunlad ng Pakikipagtulungan sa mga Lokal na Sektor ng Pamahalaan tungo sa mas maayos na ugnayan ng pamahalaan sa mga pamayanan, paaralan, at organisasyon upang maibahagi at mapalaganap ang mga kaugalian sa pamamagitan ng mga programang pang-

edukasyon at pangkultura na bahagi ng pagdaraos ng Anilag Festival.

7. Pagpapahalaga sa Kultura sa mga Pampublikong Polisiya at Proyekto namay kaugnayan sa pagsasama ng mga layuning pangkultura sa mga proyektong isinasagawa ng pamahalaan upang maging sentro ng mga inisyatibo ang kultural na pag-unlad, hindi lamang bilang kasaysayan kundi bilang buhay na bahagi ng pagkatao at pagkakakilanlan ng mga mamamayan.
8. Paglikha ng Pangmatagalang Programang Pangkultura na nakapokus sa pagpapayabong ng kultura ng Anilag Festival na maaaring isama ang mga proyektong tulad ng dokumentasyon, pagsasaliksik at pagsasalin ng mga tradisyonal na sining at kaalaman upang mapanatili at mapahalagahan ang kultural na yaman ng lalawigan.

## SANGGUNIAN

1. *Aquino, M. (2018). Local Festivals and Community Integration in thePhilippines. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.*
2. *Balasingham, Shiyamala at A.K. Palanivel. (2014) "Greatness and Classification of Dance In Sangham Literatures." Indian Streams Research Journal 3.3. (2013): 2 - 6. Web12 mula sa. http://isrj.org/ViewPDF.aspx?ArticleID=2241*
3. *Baldwin, L., & Johnson, T. (2018). Youth Development and Self-Esteem: AStudy of Positive Self-Value. Journal of Adolescent Research, 33(4), 439-456. hinango sa https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=3121006*
4. *Bautista, F. P. (2021). Faith and tradition: The role of festivals in religious beliefs in the Philippines. Journal of Religious Studies, 14(2), 90-104.hinago sa https://scholar.google.com/citations?user=98cfL6gAAAAJ&hl=en*
5. *Bernardo, A. L. R., Desepida, A. A. D., & Mejia, C. V. (2022). Community involvement in Anilag Festival in Sta. Cruz, Laguna. JPAIR Multidisciplinary Research, 47(1). Hinango sa https://ejournals.ph/article.php?id=19082*
6. *Bisa, S. P. (2019). Wika at Kultura: Pagsasaling Nagpapakahulugan. Malay,22(1) hinango sa https://ejournals.ph/article.php?id=7757.*
7. *Cicero.O (2017) Ang Wika at Panitikan O wymowie i poezyi (Vol. 1). Józef Zawadzki. Hinango sa https://www.slideshare.net/slideshow/wika-at panitikan/173337755*
8. *Fernandez, R. (2020). Lokal na Pagdiriwang at Komunidad: Isang Pagsusuri sa Pakikipag-ugnayan. Manila: University of the Philippines Press. Hinango sa https://www.researchgate.net/publication/364496504_*
9. *Ferenzi, Nelli & Tara Marshall.(2024). "Exploring Attachment to the "Homeland" and Its Association with Heritage Culture Identification." PLOS ONE 8. 1. (2013): 1-3,15. Web. 29 mula http://web.a.ebscohost.com/ehost/pdfviewer/pdfviewer?vid=125&sid=a07 55e7f-4c2f-4cbd-b922-60ef072c9a57%40sessionmgr4001&hid=4114*
10. *Firth, Alan & Johannes Wagner (2014) No trespassing! Modern Language Journal. 82. (1998) 91– 94. Web. 13 mula sa.http://web.a.ebscohost.com/ehost/detail/detail?vid=132&sid=a0755e7f-4c2f-4cbd-b922-60ef072c9a57%40sessionmgr4001&hid=4114&bdata=JnNpdGU9ZWhvc3QtbGl2ZQ%3d%3d#db=a9h&AN=430534*
11. *Garcia, et al. (2008), sa sipi ni Sacristan, J. (2016). Karanowan Fish-tival: Daluyan ng Kultura, Tradisyon at Edukasyon ng mga Batoeño (Isang Pananaliksik). hinango mula sa Scribd: https://www.scribd.com/document/821010207/Final-Pananaliksik-1-5*
12. *Javier, M. (2019). Religion and Community Engagement in the Philippines. Makati City: Ateneo de Manila University Press. Hinango sa https://www.ateneo.edu/press*
13. *Keegan R., Dudley D. ,& Barnett, L. (2020) Cognitive Domain of the Physical Literacy Standard https://www.semanticscholar.org/paper/Defining-Physical-Literacy-for-Application-in-A-Keegan Barnett/98d4e4bb69b7ebcf500abddce7c58860cf94306d*
14. *Reyes, P. (2018). Education for Patriotism: Promoting National Identity in Schools. Philippine Journal of Education, 45(1), 32-45 mula sa https://www.researchgate.net/publication/292980444_%27Education_national_identity_and_state_formation_in_the_modern_Philippines%27*
15. *Santamaria, A (2015). Ang Pagpapa-unlad ng Hilig. https://phsedukasyonsapagpapakataogr7.weebly.com/modyul-3.html*
16. *Santos, E. J., & Torres, C. D. (2018). Moral education through cultural festivals: The case of the Filipino youth. Philippine Journal of Education, 97(4), 45-59. mula sa https://research.lpubatangas.edu.ph/wp-content/uploads/2017/06/APJEAS-2017.4.2.02.pdf*